Proyektong Nauukol sa Pangkababaihang Report Card

Iparinig sa inyong komunidad, mga pamahalaan at sa United Nations ang inyong boses: pumaloob sa Proyektong Nauukol sa Pangkababaihang Report Card

Tumulong na makuha ang kalagayan ng mga karapatan ng mga kababaihan sa inyong komunidad, kabilang ang:

- Seguridad pang-ekonomiya/pag-unlad
- Pabahay at mga kagamitan
- Kalusugan
- Karahasan sa mga kababaihan
- Pamumuno
- Edukasyon
- Pambatas

Ang Proyektong Nauukol sa Pangkababaihang Report Card
ay isang pinagsamang proyekto ng mga organisasyong pangkababaihan at hustisyang panlipunan, na pinamumunuan ng
Women's Rights Action Network Australia (WRANA).

Ano ang mga karapatang pantao?

Ang mga karapatang pantao ay ang mga karapatan na nagbibigay sa atin ng pagkakataong mamuhay nang may dignidad. Kinikilala ng mga pamahalaan sa buong daigidig ang mga karapatang ito sa pamamagitan ng pagpapaunlad ng mga kasunduang naauukol sa mga karapatang pantao. Ang mga karapatang pantao ng mga kababaihan ay partikular na itinakda sa *Convention on the Elimination of All Forms of Discrimination Against Women o Kombensiyon sa Pag-aalis ng Lahat ng Uri ng Diskriminsayon Laban sa mga Kababaihan* (CEDAW). Binibigyang kahulugan ng CEDAW ang mga pangunahing prinsipyo ng pagkakapantay-pantay at ang paraan para sa mga bansa na wakasan ang diskriminasyon laban sa mga kababaihan, batay sa ideya na ang mga karapatang pantao ay hindi maaaring matamo kung mayroong diskriminasyon at hindi pagkakapantay-pantay sa pagitan ng mga kababaihan at kalalakihan.

Ano ang mga karapatan sa CEDAW?

Saklaw ng mga karapatan sa CEDAW ang karamihang mga aspeto ng pamumuhay ng mga kababaihan, kabilang ang:

- pakikilahok sa pulitika,
- Kalusugan,
- Edukasyon,
- Trabaho,
- Kasal,
- Karapatan ng mga kababaihan sa kanayunan,
- Karapatan sa ari-arian
- Karapatang pang-ekonomiya
- Mga relasyong pampamilya at pagkakapantay-pantay sa harap ng batas

Sa pamamagitan ng pakikilahok sa CEDAW, ang Australya ay nangakong gumawa ng lahat ng mga maaaring paraan, kabilang ang paggawa ng mga batas, upang matiyak na ang mga kababaihan ay magkakaroon ng kasiyahan sa lahat ng kanilang mga karapatang pantao.

Itinuturing ng CEDAW ang diskriminasyon laban sa mga kababaihan bilang: "...anumang pagtatangi, di-pagtanggap o pagbabawal na ginawa batay sa kasarian na mayroong epekto o layuning makasama o magpawalang-bisa sa pagkilala, kasiyahan o paggamit ng mga kababaihan, anuman ang kanilang katayuan sa pag-aasawa, sa batayan ng pagkakapantay-pantay ng kalalakihan at kababaihan, sa mga karapatang pantao at pangunahing mga kalayaan sa larangan ng pulitika, ekonomiya, lipunan, kultura, pagkamamamayan o anumang ibang larangan.” (Unang Artikulo)

Noong 1983 kinumpleto ng Australya ang huling mga hakbang sa pagsumpa sa mga karapatang nakapaloob sa CEDAW. Hindi tinatanggap ng Australya ang 2 mga bahagi ng CEDAW: bayad na bakasyon sa panganganak at ang pakikilahok ng mga kababaihan sa direktang armadong labanan. Gayunman, ang Australya ay hindi tumatanggap ng katungkulang magbigay ng bayad na bakasyon sa panganganak sa ilalim ng Pandaigdigang Kasunduan kaugnay ng mga Karapatang Pang-ekonomiya, Panlipunan at Pangkultura.

Ang Komite ng CEDAW:

Ang mga pambansang pamahalaan na lumagda sa CEDAW ay kailangang mag-ulat sa Komite ng CEDAW nang isang beses tuwing apat na taon. Ang mga ulat ay magpapaliwanag kung ano ang nagawa ng pambansang pamahalaan upang itaguyod at pangalagaan ang mga karapatan ng mga kababaihan.

Ang Komite ng CEDAW ay may 23 miyembro na inihahalal bilang mga 'eskperto sa kasarian'. Ang Komite ng CEDAW ay nagpupulong dalawang beses sa bawa't taon upang pagtuunan ang partikular na mga paksa at masubaybayan ang pag-unlad ng bawa't bansa.

Upang makatulong sa Komite ng CEDAW sa pagrerepaso nito, ang di-pampamahalaang mga organisasyon (NGOs) ay gumagawa ng tinatawag na mga 'shadow report', na nagbibigay ng iba pang mapagkukunan ng impormasyon. Pagkatapos ay nagbibigay ang Komite ng CEDAW ng tinatawag na mga 'Concluding Comment' o mga Komentong Pang-konklusyon na nagmumungkahi ng mga pamamaraang magagamit upang mapabuti ang pagpapatupad ng mga karapatang batay sa CEDAW sa isang partikular na bansa.

CEDAW sa Australya: ang Batas kaugnay ng Diskriminasyon batay sa Kasarian

Simula nang lumagda sa CEDAW, ang Australya ay nagpaunlad ng maraming mga paraan para sa pagpapatupad ng mga karapatan ayon sa CEDAW, kabilang ang hanay ng mga patakaran at programa, at batas, katulad ng *Sex Discrimination Act 1984* (Cth).

Ano ang Sex Discrimination Act?

Ipinasa noong 1984, ang Sex Discrimination Act ay nagbibigay-bisa sa ilang mga katungkulan ng Australya sa ilalim ng CEDAW. Bilang resulta ng Batas na ito labag sa batas ng Australya na ituring ang isang tao na di gaanong mahusay dahilan sa kanilang kasarian, katayuan sa pag-aasawa, pagbubuntis o malamang na pagbubuntis. Ipinagbabawal din ang seksuwal na panliligalig o pagpapaalis sa trabaho batay sa mga katungkulang pampamilya. Ang pambibiktima na kaugnay sa anuman sa mga batayang ito ay ipinagbabawal.

Ginagawang malinaw ng Sex Discrimination Act na sa Australya, ang mabuhay at magtrabaho sa isang kapaligirang malaya sa diskriminasyong batay sa kasarian at seksuwal na panliligalig ay isang karapatang pantao, hindi isang pribilehiyo.

Paano magagamit ang CEDAW sa gawaing pagtataguyod?
Magagamit ng mga kababaihan sa Australya ang CEDAW para sa istrukturang pagbabago at pagtataguyod:

- sa pamamagitan ng pakikilahok sa proseso ng pag-uulat ng Pamahalaang Australya sa Komite ng CEDAW;
- sa pamamagitan ng pakikilahok sa pagpapaunlad ng NGO Shadow Report para sa Komite ng CEDAW;
- upang makapaglobi para sa pagbabago ng mga partikular na sektor, hal., kalusugan, batas, karahasan;
- upang magbigay ng pandaigdigang balangkas para sa ating lokal na gawaing pagtataguyod;
- upang harapin ang diskriminasyong kaugnay ng sistema;
- upang muling balangkasin ang ating gawain kaugnay ng 'pagbibigay-serbisyo' batay sa mga karapatang pantao;
- upang mabago ang ating katayuan bilang 'tagapagbigay-serbisyo' patungong tagapagtaguyod;
- upang mapalawak ang ating mga network ng iba pang katulad na mga tagasuporta; at
- upang iugnay ang ating gawain sa pandaigdigang kilusan para sa mga karapatang pangkababaihan at pagkakapantay-pantay ng kasarian.

Ang CEDAW ay magagamit din ng partikular na mga komunidad ng mga kababaihan para sa lokal na paglolobi, hal., mga kababaihang Katutubo, mula sa kanayunan, refugee, kababaihang mula sa iba't ibang kultura at lengguwahe at kababaihang may kapansanan.

Ang Women's Report Card: pagpapatupad ng CEDAW sa Australya

Ang Women's Rights Action Network Australia (WRANA) ay magsisimula ng isang nakatutuwang bagong proyekto – **Ang Women's Report Card: Isang Ulat ng Komunidad at UN kaugnay ng Kalagayan ng mga Kababaihan sa Australya** – may dokumento ng mga karanasan ng mga

kababaihan kaugnay ng mga karapatang pantao at pagkakapantay-pantay ng kasarian sa Australya.

Kami ay nasasabik na magbigay ng pananaw ng ordinaryong tao kaugnay ng mga napakamahalagang usapin para sa mga kakababaihan sa Australya kapag nirepaso ng Komite ng CEDAW ang Ulat ng Pamahalaan.

Ang Pamahalaang Australya ay nagsumite ng pinasamang ikaapat at ikalimang Ulat sa United Nations noong katapusan ng taong 2003. Ang ulat na ito ay rerepasuhin ng UN CEDAW Committee, sa taong 2005.

Ang Proyektong kaugnay ng Women's Report Card ay gagawa ng dalawang ulat – isang Pangkomunidad na Ulat at isang CEDAW Shadow Report.

Ang isang mahalagang bahagi ng proyekto ay ang pagkakataong mapalakas at makapagbuo ng kaalamang pangkababaihan kaugnay ng mga prinsipyo ng mga karapatang pantao at mga Kombensiyon – partikular na ang CEDAW at ang proseso ng pag-uulat.

Ang Pangkomunidad na Ulat

Ang Pangkomunidad na Ulat ay magpapahayag ng pag-aanalisa ng bawa't estado (kabilang ang mga teritoryo), at isang pederal na pag-aanalisa ng kasalukuyang kalagayan ng mga kababaihan sa Australya.

Ang proyekto at ulat ay magpapakita ng pagkakaiba-iba ng mga karanasan at situwasyon ng mga kababaihan; at ang antas ng pondong ibinibigay sa mga programa at mga serbisyong partikular para sa mga kababaihan. Bilang karagdagan sa pagpapahayag ng impormasyon sa mga pangunahing usapin at mga paghamon, itatampok din mga ulat ang positibong mga pag-unlad at programa.

Ang mga grupong panggawain ng mga estado/teritoryo ay maghahanda ng kanilang sariling ulat, na may humigit-kumulang sa 20 pahina. Ang mga ito ay magiging gamit ng estado/teritoryo. Tinipon na may pederal na pag-aanalisa, ang mga ulat ng estado/teritoryo ay magkakatawan ng pananaw ng buong bansa kaugnay ng mga karapatang pantao ng mga kababaihan. Ang Opisyal na Kabuuan ng ulat na ito ay gagawin at isasalin sa mas maraming pangkomunidad na mga lengguwahe na maaari nating makunan ng pondo. Sa kasalukuyan mayroon tayong pondo para sa tatlong mga lengguwahe

(Arabo, Biyetnames, at Intsik). Ang Pangkomunidad na Ulat ay magagamit para sa NGO Shadow Report ng Australya.

Ang Shadow Report

Ang Shadow Report ay ihahanda ayon sa mga patakaran ng UN at ipapahayag sa komite ng CEDAW upang ipaalam ang kanilang pagrerepaso ng ulat ng Pamahalaang Australya. Pagkatapos ay tatanggapin ng Pamahalaang Australya ang ulat upang marinig nila mula sa mga kababaihan kung paano tayo naniniwala kung paano ipinapatupad ang CEDAW.

Pederal na Eleksiyon

Sa nakaiskedyul na eleksiyong pederal para sa pangalawang bahagi ng taong 2004, ang ulat ay magiging isang mahalagang kagamitang pangkampanya para sa mga kababaihan sa buong bansa. Kung magkakaroon ng eleksiyon sa pangalawang bahagi ng taong 2004, layunin nito na ilabas ang ulat upang itampok ang posisyon ng mga kababaihan sa Australya at matukoy ang mga usaping may kinalaman sa mga kababaihan.

Maliban pa dito, naniniwala kami na ito ay magiging tunay na kapaki-pakinabang para sa mga komunidad at sa hanay ng mga organisasyong pangkababaihan, gayundin sa mga Kagawaran ng Estado at Pederal na Pamahalaan. Magagamit din ito para sa mga pagsisikap na nauukol sa pagkakatawan at paglolobi, mga kampanyang batay sa isyu, at pagbubuo ng kilusan sa pagitan ng mga sektor at di-pampamahalaang organisasyon ng kababaihan sa kabuuang Australya.